LEVEL
2

# Leveled Reader
in Filipino

## Si Isa,
## ang Dilaw na Kulisap



Isinulat ni Martha Evans

Iginuhit ni Catherine Holtzhausen



Naiiba si Isa sa lahat ng
kulisap. Hindi tulad ng
kaniyang mga kaibigan,
mayroon siyang matingkad
na dilaw na pakpak.
Mahal ng lahat ang kaniyang
dilaw na pakpak.



Tuwing umaga, palagi siyang binabati ni Ruru na isang paruparo.
Kinakawayan naman siya ni Long na isang tipaklong.





Kahit matampuhin, masaya rin siyang nakikita ng gagambang si Amba.
Sa paaralan naman, maraming nakikipaglarong kaibigan sa kaniya.



Sa kabila nito, gusto pa rin ni Isa na maging katulad ng ibang mga kulisap.
“Sana, kulay pula rin ang aking mga pakpak katulad ng sa iyo, nanay” iyak ni Isa.



Para pasayahin si Isa, kinulayan ng kaniyang nanay ng matingkad na pula ang kaniyang mga pakpak.



Kinabukasan, walang bumati kay Isa habang papunta sa kaniyang paaralan.



Walang kahit isa sa kaniyang mga kaibigan ang bumati nang makarating siya sa paaralan.





Mag-isang umupo si Isa. Walang nakapansin sa bagong pulang pakpak niya. Hanggang sa nakita siya ni Binibining Miya at sinabing, “Pininturahan mo pala ang iyong magagandang dilaw na pakpak!”



Nagulat ang lahat ng mga kaklase ni Isa.
“Ang mga pakpak mo ay espesyal. Kakaiba,” banggit ng kaniyang mga kaibigan.



“Ang mga dilaw mong pakpak ang nagpapakilala sa iyo. Tulad ng batik ni Baki at mga binti ni Tina,” banggit ni Binibining Miya.






Agad na naligo si Isa
at kinuskos ang pintura
hanggang sa bumalik ang
makinang niyang dilaw na
pakpak.
"Hindi ko na muling
kukulayan ang aking
pakpak!" naisip niya.
"Siguro, paminsan-minsan
na lamang..."





Susubukan ang iba pang kulay, pero para na lamang sa kasiyahan.



DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI INTERNATIONAL

The Asia Foundation